Republic of the Philippines

# Department of Education

**Schools Division of Palawan**

**Coron Inland District**

*GUADALUPE ELEMENTARY SCHOOL*







| Grades 1 to 12 Daily Lesson Log | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | School | Guadalupe Elementary School | Grade Level | III |
| | Teacher | Arian P. de Guzman | Learning Area | ESP/HGP |
| | Teaching Dates | Week 3 | Quarter | 3rd |


| DAY | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pananatili ng mga natatanging kaugaliang Pilipino kaalinsabay ng pagsunod sa mga tuntunin at batas na may kaugnayan sa kalikasan at pamayanan | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagganap** | Ang mag-aaral ay naipagmamalaki ang mga magagandang kaugaliang Pilipino sa iba't ibang pagkakataon | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto** | Nakapagpapahayag ng isang tanda ng mabuting pag-uugali ng Pilipino ang pagsunod sa tuntunin ng pamayanan. **(EsP3PPP-IIIc-d-15)** | | Identify the people who can help in taking care oneself and others. **HGS-IIId-5** | | Nasasagot ng mga mag-aaral ang mga tanong na may 80% tamang sagot. |
| **II. Nilalaman** | **Mabuting Mamamayan Ako** | | **Pamayanan Ko, Kilalanin Ko** | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng *Learning Resource*** | Modyul 3 | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | | | | | Answer sheets |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin.** | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | Magbalik-aral sa nakaraang aralin. | **ESP**<br>Basahin nang maayos ang bawat pahayag<br>1. Ang pagtawid sa tamang tawiran ay isang halimbawa ng tuntunin sa ______________________________.<br>A. Trapiko<br>B. Tahanan<br>C. Paaralan<br>D. Simbahan<br>2. Ang sumusunod ay mga tuntunin upang maiwasan ang COVID-19 maliban sa ____________________________. A. Pananatili sa bahay<br>B. Paghuhugas ng kamay<br>C. Pagtatambay sa kalye<br>D. Pagsusuot ng facemask/face shield<br>3. Nabasa mo ang karatula sa parke na “Bawal Magtapon ng Basura Dito”, bilang isang mabuting |
| **b. Pagganyak o Paghahabi sa layunin ng aralin/Motivation** | | | Kilala mo ba kung sino-sino ang tumutulong at nangangalaga sa iyong sarili? Sa iyong kapwa? Pansinin ang larawan sa ibaba kung sino-sino ang mga ito.<br><br>Sila ang mga taong nasa komunidad na nangangalaga sa ating kaayusan, katahimikan, kapayapaan, kaligtasan, kalusugan at edukasyon. | | |
| **C. Paglalahad o Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin.** | Natutuhan natin ang ilan sa mga kaugalian ng mga Pilipino sa nagdaang aralin, isa na dito ay ang pagsunod sa mga | | Makinig sa maikling kuwentong babasahin ng iyong nanay o tatay. Sagutin ang mga tanong pagkatapos. Ang Pagpupulong sa | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | tagubilin. Katulad ng paggalang sa mga nakatatanda, pagpapasalamat sa mga bagay na ibinibigay at iba pa na dapat nating tandaan at isabuhay. Ngayon naman ay pag-aaralan natin ang mga tuntunin na dapat nating matutuhan upang tayo'y maging huwarang mamamayan. Ano ano ang mga tuntunin ang iyong nasunod sa inyong pamayanan? Nakabubuti ba ito o hindi? Samahan ninyo ako at sabay-sabay nating tuklasin. | | Aming Nayon Ni: *Freddie S. Cartaciano Jr.*<br>**Sagutin:**<br>1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento?<br>2. Saan pumunta sina Judy at Risa noong araw ng biyernes?<br>3. Sino ang nanguna sa sa pagpupulong na kanilang dinaluhan?<br>4. Ano-anong ahensya ng munisipyo ang nabanggit na nakakatulong sa pangangalaga sa lipunan? | | mamamayan ano ang dapat mong gawin?<br>A. Hindi ito papansinin<br>B. Magtatapon sa basurahan<br>C. Magtatapon kahit saan<br>D. Walang gagawin<br>4. Ipinag-uutos sa inyong pamayanan na ang mga basura sa inyong bahay ay ilalabas lang kung daraan na ang trak na nangongolekta ng basura. Puno na ang inyong basurahan pero sa isang araw pa daraan ang trak. Ano ang dapat mong gawin?<br>A. Dadalhin ko na sa kanto ang aming basura.<br>B. Itatapon ko muna sa ilog ang aming mga basura.<br>C. Ilalagay ko muna sa isang bahagi ng bahay ang aming basura.<br>D. Susunugin ko na lang ang aming mga basura.<br>5. Gutom na gutom ka na. Pumunta ka sa isang kainan pero nakita mong mahaba ang pila sa pagbili ng pagkain. Ano ang dapat mong gawin?<br>A. Makikipag-unahan ako sa pila.<br>B. Hahanap ako ng kakilala sa unahan ng pila at magpapabili ako.<br>C. Lalapit ako sa tindera at sasabihin kong ako ang unahin.<br>D. Pipila ako at maghihintay hanggang sa ako na ang pagbibilhan.<br>**HGP** |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Ang mga tuntunin ng ating pamayanan ay pinag-isipan at pinagkasunduan ng namamahala sa pamayanan. Layunin nito na mapaunlad at maiayos ang ating pamayanan. Makatutulong tayo sa pamahalaan kung susunod tayo sa mga alituntuning kanilang ipinatutupad. Ito ay isang paraan ng pagpapakita ng disiplina sa sarili. Narito ang ilan sa mga tuntunin sa pamayanan na dapat | | Kulayan ng pula ang kahon ng tamang ngalan ng mga taong tumutulong sa pangangalaga sa iyong sarili at sa iyong kapwa.<br>1.  Dentist guro pulis<br>2.  mananahi pulis bombero | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | nating sundin. Tulad nang paggamit ng wasto ng mga pampublikong palikuran, paglagay ng basura sa tamang lalagyan, pagtawid sa tamang tawiran, pagsunod sa batas trapiko, at pagtulong sa pagpapanatiling malinis ng pamayanan. | | | | Basahin at unawain ang bawat pahayag na tinutukoy nito sa bawat bilang. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon.<br>**a.** Philippine Coast Guard **e.** Philippine Army<br>**b.** Bureau of Fire Protection **f.** Doktor<br>**c.** Nars **g.** Mayor<br>**d.** Guro **h.** Philippine National Police<br>______ 1. Ang ___________ ang nangangasiwa at nangangalaga sa ating mga likas na yamang dagat. Tungkulin nilang pangalagaan ito sa mga mangingisdang gumagamit ng illegal na gawain at iba pa. ______ 2. Ang __________________ ay ang nangangasiwa tuwing may naganap na sunog sa lugar na katuwang ang Municipal Disaster Risk and Reduction Management upang matiyak ang kaligtsan ng mamamayan sa trahedya.<br>______ 3. Ang ____________ ay nagtuturo sa mga bata kung paano bumasa at magsulat. Sila rin ang nagdadala o nagtataguyod ng kalidad na edukasyon upang hubugin ang mga batang Pilipino.<br>______ 4. Ang _______________ ang namumuno sa isang munisipyo tungkulin nitong pangalagaan ang kapakanan ng kanyang nasasakupan.<br>______ 5. Siya ang katuwang ng doktor sa pangangalaga sa taong maysakit. |
| **E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Isulat ang salitang Tama kung ito ay nagpapahayag ng mga alituntunin at Mali naman kung hindi.<br>1. Tumawid sa tamang tawiran.<br>2. Pagkakalat ng basura sa lansangan.<br>3. Makipagdaldalan sa loob ng klase.<br>4. Pagpila nang maayos sa pagbili.<br>5. Wastong paggamit ng pampublikong palikuran. | | | | |
| **F. Paglinang sa Kabihasaan tungo sa Formative Assessment (Independent Practice)** | Ang mga sumusunod na larawan ay ilan sa mga tuntunin na makikita sa ating pamayanan. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra na nagpapakita ng tamang pagsunod sa mga alituntunin. | | Basahin at unawain ang bawat pahayag. Pag-aralan ang bawat larawan na na nasa ibaba ng pahayag. Kulayan ang larawan na tugma sa diwa ng mga pangungusap sa bawat bilang.<br>1. Umiiyak si Larry na humihingi ng tulong sa kanyang kapitbahay dahil maysakit na dengue ang kanyang kapatid. | Lagyan ng (✓) ang loob ng kahon na tumutulong sa pamayanan na ipinapakita sa larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel. 1. Siya ang nagtuturo sa paaralan kung paano bumasa at magsulat ang mga mag-aaral. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td><br>2. Sumigaw nang malakas si Bert dahil sa nasusunog ang kanilang bahay.<br><br>3. Bago mag-uwian kinuha ni Jairo ang kanyang babasahin upang magpaturong bumasa at magsulat. Kanino siya pupunta?<br><br>4. Mabilis na umalis si Jess upang ilahad ang tunay na pangyayari tungkol sa naganap na patayan sa kanto.<br><br>…5-7</td>
<td><br>2. Siya ang namumuno sa munisipyo na pangunahing tungkulin ang kapakanan ng kaniyang nasasakupan.<br><br>3. Sila ang nagbabantay para sa katahimikan ng ating pamayanan. Hinuhuli nila ang masasamang tao.<br><br>…4-7.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na buhay</td>
<td>Ayusin ang mga salita upang makabuo nang alituntunin na nagpapakita ng pagsunod.<br>1. Umakyat bawal sa puno<br>2. Trapiko batas sa mga sumunod<br>3. Maayos ng pumila<br>4. Magtapon basura ng bawal<br>5. Tawiran sa tumawid tamang</td>
<td>Pumili ng mga tuntunin sa pamayanan sa loob ng kahon at ilagay sa graphic organizer.<br>Itapon ang Basura sa Tamang Lalagyan<br>Magtapon ng Basura Kahit Saan<br>Tumawid sa Tamang Tawiran   Pumila nang Maayos<br>Bawal Umakyat sa Puno   Pitasin ang Bulaklak<br>Bawal Umihi Dito<br><br></td>
<td></td>
<td>Sa mga nabanggit na mga taong makakatulong sa iyo at sa iyong kapwa. Alin sa mga ito ang nais mo sa iyong paglaki? Iguhit ito sa loob ng kahon at kulayan. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong napili?</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **H. Paglalahat ng Aralin**<br>**Generalization** | | Layunin ng ating p _ _ _ h _ _ _ _ n na maging maayos at maunlad ang ating bansa kung kaya gumagawa sila ng mga t _ n _ _ _ _ n o alituntunin na dapat nating sundin. Bilang isang batang Pilipino, dapat nating isipin at ipahayag kung paano natin s _ n _ _ _ n _ d ang mga tuntunin ng ating pamayanan. Malaki ang m _ _ t _ _ u _ _ _ g natin sa p _ _ u _ _ _ d ng bayan kung susunod tayo sa mga tuntunin. | | Sa tulong ng graphic organizer, isa-isahin ang mga taong makakatulong sa iyo at sa iyong kapwa sa oras ng iyong pangangailangan sa inyong pamayanan.<br> | |
| **I. Pagtataya ng Aralin**<br>**Evaluation/Assessment** | | Basahin nang maayos ang bawat pahayag.<br>1. Ang paggalang sa nakatatanda ay isang haimbawa ng tuntunin sa ____________________.<br>A. Trapiko<br>B. Tahanan<br>C. Paaralan<br>D. Simbahan<br>2. Alin sa mga sumusunod na tuntunin ang dapat gawin upang hindi mahawa ng virus.<br>A. Pananatili sa bahay<br>B. Paghuhugas ng kamay<br>C. Pagsusuot ng facemask/face shield<br>D. Lahat ay tama<br>3. Isa sa ipinatutupad na alituntunin sa inyong lugar ang paghihiwalay ng basurang | | Punan ng tamang sagot ang patlang upang mabuo ang kaisipan. Piliin ang sagot sa sa loob ng panaklong.<br>1. _________________ ang namumuno sa isang munisipyo na tungkuling pangalagaan ang kapakanan ng kanyang nasasakupan. (Mayor, Philippine Coast Guard, Bureau of Fire Protection)<br>2. _________________ ang nangangasiwa tuwing may naganap na sunog sa lugar na katuwang ang Municipal Disaster Risk and Reduction Management upang matiyak ang kaligtsan ng mamamayan sa trahedya. (Bureau of Fire Protection, Philippine Army, Guro) | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | nabubulok at hindi nabubulok. Kumain ka ng biskwit saan mo ilalagay ang balat nito?<br>A. Sa basurahang nabubulok<br>B. Sa basurahang hindi nabubulok<br>C. Sa bulsa ng short<br>D. Sa bag mo.<br>4. Dahil sa paglaganap ng COVID-19 maraming alituntuin ang ipinatutupad ng pamahalaan maliban sa _____<br>A. Panatilihin ang Social Distancing o layo-layo muna.<br>B. Maghugas ng kamay.<br>C. Pumunta sa mga pagtitipon.<br>D. Magsuot ng facemask/faceshield.<br>5. Ipinagbabawal ang paglabas sa bahay ng mga batang katulad mo dahil madali kayong kapitan ng virus. Nais makipaglaro sa iyo ng kaibigan mo. Ano ang gagawin mo?<br>A. Pupuntahan ko siya at makikipaglaro.<br>B. Magpapasama ako sa nanay ko sa bahay nila.<br>C. Sasabihin ko na hindi pa kami maaaring maglaro sa labas.<br>D. Hindi ko siya papansinin. | | 3. ________________________ang nangangasiwa at nangangalaga sa ating mga likas na yamang dagat. Tungkulin nilang pangalagaan ito sa mga mangingisdang gumagamit ng illegal na gawain at iba pa. (Philippine Army, Philippine National Police, Philippine Coast Guard)<br>4. Ang ________________ ay nagtuturo sa mga bata upang bumasa at mgsulat. Sila rin ang nagdadala o nagtataguyod ng kalidad na edukasyon upang hubugin ang mga batang Pilipino. (Guro, Doktor, Nars)<br>5. ________________ ang nangangalaga sa mga maysakit sa ospital upang itoy gumaling. (Guro, Nars, Doktor) | |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at *remediation*** | | | | | |
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. Pagninilay** | | | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | |
| **B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa *remediation*** | | | |
| **C. Nakatulong ba ang *remedial*? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin** | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa *remediation.*** | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | Visualization, it helps the learners understand how their learning applies in real life. | Inquiry Based instruction, thought provoking questions inspire the learners to thinks for themselves and become more independent. | |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | Wala | | Wala |
| **G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | Wala | | Wala |

Prepared by: **ARIAN P. DE GUZMAN**
*Grade 3 Adviser*

Checked by: **IRENE P. DE LA CRUZ**
*Master Teacher I*

Noted: **ERNESTO B. CASTRO**
*School Head/Head Teacher III*